# Mga Dapat Itanong sa Doktor Mo Tungkol sa **Mataas na Lipoprotein (a)**



**Posibleng nakaka-overwhelm na ma-diagnose ng mataas na Lipoprotein (a) o Lp(a). Naglalaman ng mga tanong ang sheet na ito para gabayan ka sa pakikipag-usap mo sa iyong doktor tungkol sa bago mong diagnosis.**

## I-assess ang Panganib Mo

Ang isang Lp(a) level na mas mataas sa o katumbas ng **50 mg/dL (o ≥ 125 nmol/L)** ay maikokonsiderang mataas.

**Lp(a) Number Ko:** ____________________

- Ano ang ibig sabihin ng Lp(a) level ko at paano makakaapekto ang mataas na Lp(a) sa kalusugan ng puso ko?

- Puwede bang magdulot ng sakit sa puso o stroke ang mataas na Lp(a), at kung oo, paano ko mapapababa ang panganib ko?

- Genetic ba ang matataas na Lp(a) level? Ano pang ibang bagay ang puwedeng maging dahilan ng pagkakaroon ko ng mataas na Lp(a)?

- Dapat ding bang magpa-test ang malalapit kong kapamilya para sa Lp(a) dahil mataas ang sa akin?

## Alamin ang Mga Opsyon sa Treatment

- Anong mga treatment ang available sa pagpapababa ng aking Lp(a)?

- Makakatulong ba ang mga gamot sa pagpapababa ng cholesterol para mapababa ang aking Lp(a) level?

- Anong mga pagbabago sa lifestyle ang puwede kong gawin para mapababa ang Lp(a) level ko?

- Paano ninyo imo-monitor ang pangkalahatang kalusugan ng aking puso ngayong mataas ang Lp(a) level ko?

- Kailan ako dapat magpa-schedule ng susunod kong screening para i-monitor ang aking Lp(a) level?

- Makakapagrekomenda ba kayo ng anumang resource na makakatulong sa akin na maunawaan ang diagnosis na ito?

**Tandaan, kung mataas ang Lp(a) mo, hindi mo ito kasalanan at hindi mo ito kagagawan, at ngayong alam mo na, may mga magagawa kang hakbang para pababain ang panganib mong magkaroon ng sakit sa puso!**

© Copyright 2016 - 2024 American Heart Association, Inc., isang 501(c)(3) not-for-profit. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

**Alamin ang higit pa sa heart.org/lpa**